



Ang Awit ay isang tula. Huwag muna nating intindihin: magpatangay tayo sa teksto at bubuksan nito sa atin ang isang sanlibutan.

Pinupukaw ng Awit ang ating sariling mga karanasan, dumeretso sa ating puso sapagkat tungkol ito sa Mangingibig at Iniibig. Ito’y isang tula tungkol sa pagtatagpo sa pag-ibig. Ngunit hinayaan ng awtor na mangyari ang pagtatagpong ito na parang sa isang panaginip upang hawiin ang tabing ng hiwaga nito: nagmumula sa ibang lugar ang panawagan ng pag-ibig. Nakabibighani ang paghahanap, pagtatagpo, paglayo at makatotohanan ang mga ito sa pagbubunyag ng isang misteryo: May ibang umaakit sa atin. Ito ang nagpapaliwanag sa pamagat ng aklat. Ang Dakilang Awit.

Ang Awit ay kapwa kaalaman at karanasan ng paghahanap sa kaisa-isahan sa kabilang ibayo ng bawat tabing: siya man ay nabibighani rin sa paghahanap sa kanyang hirang – ang buungbuong para sa kanya at di-mapapalitan. Posible ang ganitong relasyon at ito ang nasa puso ng Kristiyanong pag-asa.

Habang inilalahad ng awtor ang panaginip ng pag-ibig, muli niyang isinasabuhay ang pag-asa ng bayang hinirang. Ang kasintahan ng Diyos ay ang Israel at ang lupa nito. Gaya ng mga pinakataimtim na minorya sa Israel. Hinihintay ng makatang awtor ang pagdating ng Mangingibig bilang Haring Mesiyas at Asawa ng sambayanang hinirang. Ang nakaraang ito ng Awit ang nagpapaliwanag sa paggamit ng mga paghahambing na magiging kakatwa sa kaso ng mga karaniwang magkatipan, ngunit sa katunaya’y mga pahiwatig sa nakaraan ng Israel sa Templo at sa lupa nito.

Kaya hindi nagkataon lamang na natatagpuan sa Biblia ang Awit na ito ng mapagmahal na paghahanap. Hindi ito basta binigyan na lamang ng kahulugang panrelihiyon sa bandang huli, na wala rito sa simula: tinanggap ito ng tradisyong Judio kung ano talaga ito: ang awit ng pag-ibig ng Diyos. Ang hindi pagbanggit sa Diyos ay sinadya: naroon siya mula simula hanggang wakas, ngunit napakalayo sa mga “Diyos” ng relihiyong pantao ang Kaisa-isahang ito na sabay na Pag-ibig at Mangingibig.

Makapagtatapos tayo sa mga salita ng isang kilalang mistikong Muslim. Pag may binatilyong humihiling na siya’y gawing disipulo niya, ang sagot niya’y: “Nakaranas ka na bang umibig?” Kung “hindi” ang sagot, sinasabi niya: “Umalis ka muna at umibig, ngunit huwag magtagal doon. Saka ka pumarito at makipagtagpo sa akin.”

### ***Ang Awtor ng Awit***

Ang Awit ay ipinalalagay na gawa ni Solomon: hiniram lamang ang pangalang ito gaya rin sa ibang aklat sa Biblia. Ang awtor ay isang “espritwal” at pantas ng ikatlong siglo bago kay Kristo. Isa sa mga sumulat ng “Mga Aklat ng Karunungan” ng Biblia.

Sa Israel gaya sa maraming bansa, ang ritwal ng kasal ay may “awit ng nobyo” at “awit ng nobya” (Jer 7:34, 16:9; Pag 18:22). Sa loob ng sanlinggo ng kasal, itinuturing silang hari at reyna at umaawit sila ng kagalakan sa pag-angkin sa isa’t isa. Ngunit gaya ng nalalaman natin mula sa mga tula ng pag-ibig ng Ehipto, walang nalabi sa mga popular na awit na ito sa Israel. Sa katunayan: ginawa ng ating awtor, na tiyak na isang pantas, ang ginagawa ng mga dakilang musikero sa paggamit ng mga popular na himig para sa pagbuo ng kanilang mga dakilang gawa ng sining. Madaling makita na ginamit niya ang mga pananalita at balangkas ng mga tradisyunal na awit ng pag-big upang maipahayag sa matulang paraan ang kailangan niyang sabihin. Ito ang nagpapaliwanag sa ating “Awit” na isang pangunahing aklat ng Biblia.

### ***Ang Awit sa mga Bansang Kristiyano***

Sa mga bansang Kristiyano, ang mga monghe ang umaangkin sa Awit. Isinasantabi nila ang pantaong pag-ibig at nilampasan ang misteryo ng pakikipag-kaibigan sa ordinaryong buhay. Nakita nila ang awit bilang isang talinhaga, isang larawan ng karanasang espritwal. Hindi nila ikinahiya ang pagpapahiwatig ng pagtatalik: bagkus tinulungan sila nito na maunawaan kung paano magiging napakatindi, napakasigla at nakauubos ang pakikipagmahalan sa Kanya. Ang Kaisa-isahan.

Sa katunayan, isinasauli nila sa Kristiyanismo ang kayamanang kinuha nila. Sa ikalabindalawang siglo sa Europa lumitaw ang mga unang palatandaan ng pagkakilala sa pantaong pag-ibig na hindi napansin sa mga siglong barbaro. Noon nagkabisa ang karanasang espritwal ng ilang dakilang monghe at ermitanyo. Nagbigay-daan sa pagkamatay sa misteryo ng pag-ibig ang kanilang paulit-ulit na pagbasa at pagpapaliwanag sa Awit. Ang mga awit at kuwento ng pag-ibig na may kagaspangan sa simula, ay napalitan ng panitikan ng “magalang na pag-ibig.” Mula noon, sa lahat ng susunod na siglo, pagtitibayin na ang kahalagahan ng pag-ibig ng mag-asawa.

Kung minsan, masagwang sinasabi na ang pag-ibig ay nauwi lamang sa pag-aasawa. At ganito ang palaging inuulit ng mga sine at telebisyon tuwing ang isang nabubulok na kultura ay kumikilala lamang sa pag-ibig kapag ipinangangako nito ang hindi nito matutupad. Inilalagay ng Awit sa sentro ng mga adhikain ang pagsisikap na makamit ang tunay na pag-ibig: laging sa Diyos galing ang ningning nito, at tulad niya, ito’y tapat hanggang kamatayan at sa kabilang buhay.

• **1.1** *Maitim ako, subalit maganda... sunog sa araw.* Kinakatawan ng nobya ang pamayanan ng mga Judio, dukha at masigasig, na bumabalik sa kanilang bayan mula sa pagkapatong pumawi sa magandang pangalan at kalayaan ng Israel. Siya mismo ang umaamin: *Napabayaang ko ang aking ubasan*, na ibig sabihin'y, ang aking lupain, ang Palestina.

At ang Hari, ang Nobyo, ay si Yawe. Pangarap ng nobya ang unang tulang ito ng pag-ibig. Ikinagagalak na niya ang araw ng pagbabalik niya sa hari at sinasabi sa sarili ang pinanabikang pag-uusap nila "sa araw na 'yon". Itinuturo sa kanya ng Koro ang lugar, na alam na niyang katatagpuan niya sa kanyang nobyo: *ang Tolda ng mga Pastol*, na tumutukoy sa Bundok Sion, ang Banal na Siyudad, kung saan naghahari ang mga inapo ni David na haring pastol.

*Maitim ako subalit maganda. Maitim:* ibig sabihin'y sunog ang kanyang mukha. Pinili siya at itinangi sa kabila ng kanyang sunog na mukha. Marahil, kaya siya pinili ay dahil sunog siya, na taglay ang tatak ng mabigat na trabaho at paghihirap, pagkakamali at pagkalinlang. Nakinabang siya sa pagbalewala sa kanyang sarili, at ang kaba-beang-loob na ito ay mas mahalaga sa Diyos kaysa maraming mabubuting gawa. Maaaring nasunog siya sa titig ng may-gusto sa kanya.

**1** • <sup>1</sup> *Ang Awit ng mga Awit: galing ito kay Solomon*

### **Sinta**

<sup>2</sup> Paliguan mo ako ng halik ng iyong mga labi: matamis pa sa alak ang pag-ibig mo,

<sup>3</sup> kay bango ng iyong halimuyak, ngalan mo'y parang pabangong ibinuhos kaya pala mahal na mahal ka ng mga dalaga.

<sup>4</sup> Akitin mo ako, tayo'y magmadali, dalhin mo ako, O hari, sa iyong silid! Kami'y magsasaya at magagalak sa iyo, at pupurihin ang iyong mga haplos nang higit pa sa alak; tama ngang ikaw ay mahal.

<sup>5</sup> Ako ay sunog sa araw ngunit kabigha-bighani, O mga dalaga ng Jerusalem, tulad ng mga tolda sa Kedar, tulad ng mga tabing ng tolda ni Solomon.

<sup>6</sup> Huwag ninyong masamain na ako'y umitim pagkat nasunog ako sa araw. Mga anak ng aking ina'y nagalit sa akin ginawa nila akong katiwala sa kanilang mga ubasan, kaya ang sariling ubasan ay di ko naalagaan!

<sup>7</sup> Sabihin sa akin, ikaw na iniibig ng aking kaluluwa, saan ipinapastol ang iyong kawan, saan sila pinagpapahinga sa katanghalian? Bakit ako magpapagala-gala na parang babaeng may talukbong sa tabi ng mga kawan ng iyong mga kasama?

### **Mga Iba**

<sup>8</sup> Kung hindi mo alam, O pinakamagandang babae, sundan ang mga bakas ng mga tupa, at ipastol ang iyong maliliit na kambing sa tabi ng mga tolda ng mga pastol.

### **Mahal**

<sup>9</sup> Ihahambing kita, aking sinta, sa kabayo ng mga karwahe ni Paraon.  
<sup>10</sup> Mga pisngi mo'y kaakit-akit sa gitna ng mga hikaw, ang leeg mo sa hiyas ng kuwintas.  
<sup>11</sup> Igagawa ka namin ng mga hikaw na ginto at mga kuwintas na pilak.

• **2.8** Tagsibol ng pagpapa-hayang; dumarating ang pag-ibig para hanapin ang inamahal. Tapos na ang mga pagsubok na waring walang katapusan ni kabuluhan. At masayang inaawit ng nobyo ang kagandahan ng kanyang nobya. Dito kinakailangan ang panampalataya: kasasara pa lamang natin ng diyaryong nagsasabi sa atin tungkol sa milyun-milyong grupo ng mga bituin na sumabog na parang bula ng sabon labinlimang bilyong taon na ang nakara-raan, at ngayon nama'y tinutukoy ng Awit ang isang mangingibig na naghahanap ng pag-ibig sa dimabilang na inapo ng munting tao na may kakayahan. "Totoo ba ito? Posible kaya? Ang mga daan-daang libong siglo at bituin na ito marahil ay usok na lamang na bumabalot, sa naiibang antas, sa misteryo na Kataas-taasang Persona, ang pinanggagalingan ng pag-ibig. Isang pag-ibig na hindi lamang pantao, sapagkat samantalang nararanasan niya ito, pinagliliyab din tayo ng kanyang espiritu.

Sinabi na natin na nababakas sa tekstong ito ang panahon nito. Ang berso 2:15 ay tiyak na tumutukoy sa mga paghihirap ng isang pamayanang walang kakayahang ilaan ang sarili, bagamat gusto nito, sa paghahanap sa kanyang Diyos. Makakatagpo kaya tayo ng mapayapang lugar na kahit paano'y walang lamok, at marahil ay higit pa sa mga kulisap, na pumipigil sa atin na magalak sa presensya ng Diyos?

### **Sinta at Mahal**

<sup>12</sup> Habang ang hari'y nasa kanyang himlayan, pabango ko'y nagsasabog ng halimuyak.

<sup>13</sup> Ang mahal ko'y supot ng mira para sa akin, nakalagak sa pagitan ng aking mga dibdib sa buong magdamag.

<sup>14</sup> Ang sinta ko'y kumpol ng mababangong henna para sa akin sa mga ubasan ng Engedi.

<sup>15</sup> Napakaganda mo, sinta ko, napakaganda mo!

Mga mata mo'y mga kalapati.

<sup>16</sup> Napakaguwapo mo, aking mahal, napakaguwapo mo!

Ang himlayan nati'y luntian;

<sup>17</sup> sedro ang mga biga ng ating bahay, at sipres naman ang bubungan.

**2** <sup>1</sup> Ako ang rosas ng Sharon, ang liryo ng mga lambak.

<sup>2</sup> Tulad ng liryo sa gitna ng mga tinik, gayon din ang aking sinta sa gitna ng mga dalaga.

<sup>3</sup> Tulad ng puno ng mansanas sa gitna ng gubat, gayon din ang aking mahal sa gitna ng mga binata. Kay sarap maupo sa kanyang lilim, at kay tamis ng kanyang bunga sa aking panlasa.

<sup>4</sup> Isinama niya ako para uminom sa bar, at doo'y pag-ibig ang nakapaskel.

<sup>5</sup> Palakasin mo ako sa mga bibingkang-pasas, pasiglahin sa mga mansanas, pagkat may sakit ako dahil sa pagmamahal.

<sup>6</sup> Ulo ko'y nakalapat sa kaliwa niyang kamay, nakayapos naman sa akin ang kanan niyang kamay!

<sup>7</sup> Sa ngalan ng kapangyarihan ng sangkalikasan, O mga dalaga ng Jerusalem, huwag gisingin o pukawin ang pag-ibig hanggang sumapit ang kanyang pagnanais.

### **Sinta**

• <sup>8</sup> Ang tinig ng aking mahal!

Masdan, narito na siya, tumatalon sa mga bundok, lumulundag sa mga burol.

<sup>9</sup> Ang mahal ko'y parang gasela o batang lalaking usa.

Masdan, nakatayo siya sa likod ng aming dingding, nakadungaw sa mga bintana, nakasilip sa mga sawali.

<sup>10</sup> Ang mahal ko ay nangusap at sinabi sa akin:  
 “Bangon, aking sinta,  
 maganda kong hirang, tayo na.

<sup>11</sup> Tapos na ang taglamig,  
 tila na ang ulan.

<sup>12</sup> Lumitaw na ang mga bulaklak sa damuhan,  
 narito na ang panahon ng pag-awit,  
 naririnig na ang huni ng mga kalapati.

<sup>13</sup> Namumunga na ang puno ng igos,  
 at nagsasabog na ng halimuyak  
 ang namumulaklak na mga puno ng ubas.  
 Bangon, maganda kong dilag,  
 tayo na, sinta ko, tayo na.

<sup>14</sup> O aking kalapati sa bitak ng batuhan,  
 sa mga taguan sa dalisdid,  
 ipakita sa akin ang iyong mukha,  
 iparinig ang iyong tinig.  
 Kay ganda ng iyong mukha,  
 kay tamis ng iyong tinig.

<sup>15</sup> Hulihin ang mga asong-gubat,  
 ang maliliit na asong-gubat,  
 na naninira sa mga ubasan,  
 ang namumulaklak nating mga ubasan.”

<sup>16</sup> Akin ang mahal ko, at ako ay kanya,  
 pinapastol niya ang kanyang kawan  
 sa gitna ng mga liryo.

<sup>17</sup> Bago umihip ang takipsilim,  
 at kumalat ang karimlan,  
 magbalik ka, aking mahal,  
 at maging tulad ng gasela  
 o isang batang lalaking usa  
 sa mabatong kabundukan.

### Sinta

**3** <sup>1</sup> Sa aking highaan, buong magdamag kong  
 hinahanap

ang pag-ibig ng aking kaluluwa.  
 Hinanap ko siya ngunit hindi natagpuan;  
 tinawag ko siya ngunit hindi siya sumagot.

<sup>2</sup> Babangon ako ngayon at maglilibot sa lunsod,  
 sa mga lansangan at mga liwasan;  
 hahanapin ko ang pag-ibig ng aking puso.  
 (Hinanap ko siya at di nakita.)

<sup>3</sup> Nasalubong ako ng mga tanod  
 sa kanilang paglilibot sa lunsod,  
 “Nakita ba ninyo ang pag-ibig ng aking puso?”

• **3.1** *Sa aking highaan kung gabi, hinanap ko ang aking giliw.* Hindi tayo pinatutulong ng pag-ibig, at ganito nga ang nangyayari sa mga umiibig. Nilibot ni Maria Magdalena ang buong siyudad sa paghanap kay Jesus, at sa kaunahanang pagkakataon, pinagtawanan siya ng mga nagdaraan. Pumasok siya sa bahay at hindi nangahas ang bantay-pinto na pigilan siya. At nakarating siya kay Jesus nang hindi napapansin isa man sa mga kumakain. *Di ko na siya bibitiwan* subalit balang araw, sasabihin ni Jesus sa kanya: “Huwag mo na akong pigilan” (Jn 20:17).

• 6. Sino itong dumarating mula sa ilang? Marahil ay isa itong pagpapahiwatig kay Yawe na nagmumula sa disyerto patungo sa kanyang Templo – sa Templo ni Solomon. At sa pamamagitan ni Solomon, ang pagdating ng Diyos mismo kasama ang Kanyang Mesiyas, ang siyang hinihintay. Sa panahon ni Moises, sinamahan ni Yaweng natatago sa usok ang kanyang bayan.

Muling umaawit ng papuri ang nobyo sa kanyang nobya. Malamang na gumagamit ang siping ito ng mga tradisyunal na kaayusan ng awit na kinakanta sa kapistahan ng kasal, na nagpupurihan ang dalawa.

*Kapatid ko, binighani mo ang aking puso.* Paano tayo makapangungusap nang husay tungkol sa Diyos, at sa Diyos-Mangingibig: marahil ang aspektong ito ng Diyos ang pinakamahirap nating madiskubre. Ngunit paano pa natin mauunawaan na ang buong Biblia ay nangungusap tungkol sa paghirang, sa bayang hinirang at sa mga hinirang? Ito kaya'y sapagkat ang ilan ay hindi hinirang kundi hinatulan; o di kaya'y ang pag-ibig ng Diyos ay lagi at sabay na pag-ibig ng ama at ng mangingibig? At dahil dito, pumarito siya sa personal ng Kanyang Anak, ang "Nobyo," gaya ng tawag niya sa kanyang sarili.

Sa buong mundo ngayon, humahanap ang tao ng sinuman o anumang lampas sa saklaw ng bulok at materyalistang mundo. Hindi kulang ang mga paraan, at ang mga "doktrinang silanganin," na kalimita'y mga imitasyon ng mga ito, ay may mga pulutong ng mambabasa. Hindi natin pananaligan na hindi ibinunyag ng Diyos ang kanyang sarili sa labas ng Kristiyanong pagbubunyag: gayunpaman, kailangang maiwasan ang kalituhan. Bagamat parehong mga salita ang ginagamit: mistika, kontemplasyon, espiritwalidad, kalimita'y iba ang kahulugan at ipinakikita sa atin ng Awit, gaya ng Mga Sulat ni Juan, ang mga katangian ng Kristiyanong mistisismo:

– ang Kristiyanong paghahanap sa Diyos, higit sa lahat, ay hindi isang "eksperimento," kundi pagmamahalan;

– ang paghahanap na ito ay hindi para sa isang "bagay" pagkatapos ng matagal na asetisismo, kundi paghahanap sa "kanya" na nagkakaloob at nagbibigay ng kanyang sarili kung kailan niya gustuhin;

– sa espiritwalidad, para sa atin ang pinag-uusapan ay ang Espiritu ng Diyos

<sup>4</sup> Hindi pa man ako nakalalayo sa kanila ay natagpuan ko ang pag-ibig ng aking puso. Hinawakan ko siya at di na bibitiwan, hanggang di siya naiuwi sa bahay ng aking ina, sa silid ng naglihi sa akin.

### **Mahal**

<sup>5</sup> Sa ngalan ng kapangyarihan ng sangkalikasan, O mga dalaga ng Jerusalem, huwag gisingin o pukawin ang pag-ibig hanggang sumapit ang kanyang pagnanais.

### **Mga Iba**

• <sup>6</sup> Sino itong dumarating mula sa ilang, parang haliging usok, may bango ng mira at kamayang buhat sa mababangong pulbos ng mangangalakal?

<sup>7</sup> Masdan, ang karwahe ni Solomon!

kasama ng animnapung mandirigma, ang pinakamalalakas sa Israel,

<sup>8</sup> lahat ay sandatahan at bihasa sa digmaan, bawat isa'y may tabak sa kanyang tagiliran upang sa gabi'y makatiyak.

<sup>9-10</sup> Gumawa si Solomon ng tronong pinapasan, yari sa mga kahoy ng Lebanon,

pilak ang mga haligi, ginto ang sandalan, purpura ang upuan, ang kabuua'y ginayakan ng garing.

<sup>11</sup> Lumabas kayo, mga dalaga ng Sion, tingnan si Haring Solomon!

Suot niya ang koronang ipinutong sa kanya ng kanyang ina sa araw ng kanyang kasal, sa araw ng kagalakan ng kanyang puso.

### **Mahal**

**4** <sup>1</sup> Napakaganda mo, sinta ko, napakaganda mo!

Ang mga mata mo'y mga kalapati sa likod ng iyong belo.

Ang buhok mo'y parang kawan ng kambing na bumababa sa mga libis ng Galaad.

<sup>2</sup> Ang mga ngipin mo'y parang kawan ng mga tupang bagong gupit, umaahon mula sa paliligo, bawat isa'y katabi ang kanyang kakambal, at wala isa mang nangungulila.

na gumagawa sa atin. Inaakay niya tayoy, marahil sa iba't ibang paraan, pero laging patungo sa pakikiisa kay Kristo sa krus.

– ang pangwakas na karanasan natin sa Diyos ay sa isang tunay na kasal, na ang dalawa ay pinag-iisa, nababago ang tao at nagiging lahat ng kung ano ang Diyos, nang hindi naalisang ang kanyang sarili. Hindi na mabilang ang mga tagapagpatotoo sa karanasang ito, at nalaman, o nalalaman ng mga ito na wala nang iba pang paraan ng karunungan na makapagbibigay sa kanila ng kalagayang kinaroroonan nila ngayon.

<sup>3</sup> Ang mga labi mo'y parang pulang sinulid, ting mo'y kaakit-akit.

Ang mga pisngi mo'y parang magkabiyaq na makopa sa likod ng iyong mga belo.

<sup>4</sup> Ang leeg mo'y parang tore ni David para ipakita ang mga tropeo, doo'y nakasabit ang libong kalasag, ginamit na lahat ng mga bayaning mandirigma.

<sup>5</sup> Ang iyong mga dibdib ay parang dalawang batang usa,

kambal na gasela, na nanginginain sa gitna ng mga liryo.

<sup>6</sup> Bago umihip ang takipsilim at kumalat ang karimlan, aahon ako sa bundok ng mira at sa burol ng kamanyang.

<sup>7</sup> Ika'y pawang kagandahan, aking sinta, wala kang kapintasan.

<sup>8</sup> Sumama ka sa akin mula sa Lebanon, aking katipan,

sumama ka sa akin mula sa Lebanon. Lumusong ka mula sa tuktok ng Amana, mula sa tuktok ng Senir at Hermon, mula sa lungga ng mga leon, mula sa bundok na pugad ng mga leopardo.

<sup>9</sup> Nabihag mo ang puso ko, aking kapatid, aking katipan, nabihag mo ang puso ko sa isang sulyap ng iyong mga mata,

sa isang hiyang ng iyong kuwintas.

<sup>10</sup> Anong tamis ng pag-ibig mo, aking kapatid, aking katipan!

Anong sarap ng pag-ibig mo, higit pa kaysa alak, at ang halimuyak ng iyong pabango kaysa anumang mabangong dagta.

<sup>11</sup> Mga labi mo'y dinadaluyan ng nektar, aking katipan,

tulad ng bahay-pukyutan, may pulot at gatas sa ilalim ng iyong dila, halimuyak ng Lebanon ang bango ng iyong suot.

• 12. Pagkatapos ng mga tula ni Isaias na nagbubunyi sa bagong Jerusalem, ang asawa ni Yawe (Is 61:10 at 62:5), pinagninilayan ng Awit ng Mga

• <sup>12</sup> Ika'y nababakurang hardin, aking kapatid, aking katipan, isang nababakurang batis, isang nasasarhang bukal.

Awit ang birheng ikakasal na siyang magiging Bagong Bayan.

Isa siyang *saradong hardin* sapagkat buong-buo siyang nakalaan sa kanyang nobyo. Siya ang birheng ikakasal na hinihintay ni Yawe pagkatapos ng maraming mga pagbibili ng sarili ng kanyang bayan – at ibang-iba sa napakaraming relihiyon at mga gawang pan-relihiyon na pinagkakaperahan lamang ng ilan at ang Diyos ay hindi itinuturing na isang persona. Pagkabirheng inilaan sa Diyos: isang paraan ng pagsasabing sapat na siya at maibibigay natin sa kanya ang lahat, nang hindi dating sinubukan na o panabay na sinusubukan ang lahat ng iba pang karanasan.

Muli nating matatagpuan dito si Maria.

*Papasukin ang mahal ko sa kanyang hardin.* Kadalasa'y hindi talaga mahalaga sa Diyos ang ating mabubuting gawa sapagkat hindi buong-buon para sa kanya ang mga ito. Kundi nakubra na natin ang 95% ng halaga ng mga ito. Inaasahan natin na makikita o malalaman ng iba ang mga ito. Mas masarap ang pakiramdam natin sa pagkakagawa sa mga ito at saka lang natin hinihiling sa Diyos na isaalang-alang ang mga ito. Sa dakong huli, wala siyang nakitang bunga na hindi pa nahihipo o natitikman ng iba.

• 5.2 Karanasan ng ating pagiging mabigat: ilang beses nang dumaan ang Diyos nang hindi natin siya nakilala? "Darating akong parang magnanakaw sa oras na hindi mo inaasahan" (Pag 3:3).

*Natulong ako ngunit gising ang puso ko.* Hindi ito ang pagtulog ng mga walang inaasahan, ngunit kung *masigasig ang espiritu*, mahina ang laman. Dumating siyang puno ng pagpapala (ito ang ibig sabihin ng "hamog"), ngunit lumalampas ang pagkakataon: Nakikilala lamang siya pag huli na: hindi agad tayo nagbukas dahil takot nga tayo sa anumang hindi natin nauunawaan. Alam niyang hindi pa panahon, pero hindi siya umaalis nang hindi nag-iwan ng palatandaan ng kanyang pagdalaw: *tumulo ang mira mula sa mga kamay ko.* May ipinunla sa mahihinog pagkatapos.

<sup>13</sup> Ang mga halaman mo'y isang hardin ng makopa, may mga piling bunga,

may henna at nardo,

<sup>14</sup> may nardo, kasubha, kalamus at kanela,

at lahat ng mababangong puno,

may mira at sabila,

at may mga pinakamahalimuyak na pabango.

<sup>15</sup> Ika'y isang bukal sa hardin,

isang balon ng buhay na tubig, dumadaloy na agos mula sa Lebanon.

### Sinta

<sup>16</sup> Gumising ka, O hanging amihan!

Halina, O hanging habagat!

Umihip sa hardin ko,

at ikalat ang halimuyak nito.

Papasukin ang mahal ko sa kanyang hardin

at tikman ang mga piling bunga nito.

### Mahal

**5** <sup>1</sup> Narito ako sa aking hardin, aking kapatid, aking katipan,

Kinuha ko ang aking mirang may pabango,

kinain ko ang aking pulot kasama ng bahay-pukyutan,

ininom ko ang aking gatas at alak.

O mga kaibigan, kumain at uminom,

magpakalagan, O mga pinakamamahala ko.

### Sinta

• <sup>2</sup> Natulog ako ngunit gising ang puso ko.

Dingin! Kumakatok ang mahal ko:

"Ako'y papasukin, kapatid ko, aking sinta,

aking kalapati, walang kapintasan,

pagkat ulo ko'y basa ng hamog,

ang aking buhok ng mga patak ng gabi!"

<sup>3</sup> Nakapaghubad na ako,

muli pa ba akong magbibihis?

Hinugasan ko na ang mga paa ko,

muli ko pa ba itong dudumihan?

<sup>4</sup> Ipinasok ng mahal ko ang kanyang kamay

sa butas ng pinto,

at puso ko'y nanabik para sa kanya.

<sup>5</sup> Ako ay bumangon upang buksan ang pinto,

mula sa mga kamay ko,

ang mira'y tumulo sa pansara

nang hawakan ng mga daliri kong basa ng mira.



• 10. Nakatitiyak tayo na ito ang mga tradisyunal na berso mula sa "awit ng nobyo" at "awit ng nobya" (tingnan ang Introduksyon). Gayunpaman, sapagkat wala nang nalabi sa mga popular na awit na ito, mahirap sabihin kung may pagtukoy sa lupang Israel at sa Templo. Ginugunita rito ng Israel ang karilagan ng unang Templo at dahil sa panahong ito'y napakasimple ng kanilang santuwaryo, pinapangarap nila ang isang bagong Templo na dadalawin mismo ng Panginoon.

*Akin ang mahal ko at ako'y sa kanya.* Napakalayo natin kay Moises pagkatapos ng sampung dantaon ng banal na kasaysayan. (Sapagkat nagsasalita rin tungkol sa pag-ibig ang Deuteronomio, at ipinalalagay nito na kay Moises ang higit pa sa sinabi niya.) Pero ito ang mensahe ng mga dakilang propeta. Gayunpaman, tandaan natin na para sa kanila, ang nobya, ang babaeng ikakasal, ay laging ang sambayanang Israel. Sa pamayanang Kristiyano lamang (bagamat ganito na rin sa ilang salmo) babasahin ang Biblia bilang kasaysayan ng pagmamahal ng Diyos sa mga tao: ang mga kilala na niya sa simula't simula pa at ginawang banal.

Kung ibunyag ng Diyos ang kanyang sarili bilang Pag-ibig at Mangingibig, hindi ito paraan ng pananalita lamang; sinasabi niya sa atin ang tunay niyang kalikasan. Ang kawalang-hanggan ng Diyos ay isang piging ng pag-ibig na walang tigil ang pagkamalikhain na pinagmumulan ng Mga Persona at Anak at ng Espiritu na walang tigil na kinukuhang muli sa kaligayahan ng pagsasamang ito. Ngunit kalimita'y nag-aatubili tayong isipin at ipahayag ito, nakapakto na nga ang ating isip sa idea na kung walang-hanggan ang kadakilaan ng Diyos, kailangan muna siyang maging maginoo ayon sa ating pamantayan, dakilang iskolar, at siyempre, dakila ring inhinyero.

*Bukod-tangi ang aking kalapati, ang walang kapintasan* (6:9). Lahat ay minamahal kay Kristo, at ang ilan ay ibayong higit kaysa ibang tumanggap lamang ng isang talento, ngunit bawat isa'y minamahal sa isang bukod-tanging pag-ibig kung kayat nararamdaman ng bawat isa na siya'y bukod-tangi. Waring hindi na alam ng bawat isa ang tinanggap ng iba, maging ng mga apostol o ng Ating Mahal na Ina. Sapagkat kailangang maging seloso ang pag-ibig, bagamat walang lugar ang selos sa kaharian ng Diyos.

<sup>6</sup>Pinagbuksan ko ang mahal ko, ngunit ang mahal ko'y nakaalis na, malayo na siya.  
Hinabol siya ng aking kaluluwa, hinanap ko siya ngunit hindi natagpuan, tinawag ko siya ngunit hindi siya sumagot.

<sup>7</sup>Nasalubong ako ng mga tanod sa kanilang paglilibot sa lunsod. Binugbog nila ako at sinugatan, inagaw ang aking balabal ng mga tanod sa pader.

<sup>8</sup>Pakiusap ko, O mga dalaga ng Jerusalem, sakaling masasalubong ang aking mahal – ano kaya ang sasabihin sa kanya? – Sabihin ninyong ako'y may sakit dahil sa pagmamahal.

### **Mga Iba**

<sup>9</sup>O pinakamagandang babae, ano ang iginaling ng iyong mahal sa iba? Ano ang iginaling ng iyong mahal sa iba upang kami'y pakiusapan?

### **Sinta**

• <sup>10</sup>Nagniningning at mamula-mula ang aking mahal, namumukod sa libu-libo.

<sup>11</sup>Lantay na ginto ang kanyang ulo, buhok niya'y mga dahon ng palmera, maitim tulad ng uwak.

<sup>12</sup>Mga mata niya'y mga kalapati sa tabi ng daanan ng tubig, naliligo sa gatas, nakakabit na parang mga hiyas.

<sup>13</sup>Mga pingsi niya'y parang hardin ng mababangong halaman, nagsasabog ng halimuyak.

Mga labi niya'y parang mga liryo, dinadaluyan ng mga patak ng mira.

<sup>14</sup>Mga kamay niya'y singsing na ginto, ang katawan niya'y makinis na garing na nababalot ng mga sapiro.

<sup>15</sup>Mga binti niyang mga haliging marmol, nakatayo sa lantay na ginto.

Ang anyo niya'y tulad ng Lebanon, namumukod tulad ng mga sedro.

<sup>16</sup>Bibig niyang mismong katamisan, at tunay siyang kanais-nais.

Ito ang mahal ko, ito ang aking kaibigan,  
O mga dalaga ng Jerusalem.

**Mga Iba**

**6** <sup>1</sup>Saan nagpunta ang iyong mahal,  
O pinakamagandang babae?  
Saan napagawi ang iyong mahal  
para tulungan ka sa paghahanap sa kanya?

**Sinta**

<sup>2</sup>Ang mahal ko'y nagpunta sa kanyang hardin,  
sa taniman ng mababangong halaman,  
upang sa hardi'y ipastol ang kanyang kawan  
at mamitas ng mga liryo.

<sup>3</sup>Akin ang mahal ko, at ako ay kanya;  
ipinapastol niya ang kanyang kawan  
sa gitna ng mga liryo.

**Mahal**

<sup>4</sup>Maganda kang tulad ng Tirsa, aking sinta,  
kabigha-bighaning tulad ng Jerusalem,  
kamangha-manghang tulad ng hukbong  
may mga bandilang taglay.

<sup>5</sup>Ilayo mo sa akin ang iyong mga mata,  
pagkat ako'y ibinibilanggo ng mga ito.  
Ang buhok mo'y parang kawan ng mga kambing  
na bumababa sa mga libis ng Galaad.

<sup>6</sup>Mga ngipin mo'y parang kawan ng mga tupa,  
umaahon mula sa paliligo,  
bawat isa'y katabi ng kanyang kakambal,  
wala isa mang nangungulila.

<sup>7</sup>Mga pisngi mo'y parang magkabayak na makopa  
sa likod ng iyong belo.

<sup>8</sup>May animnapung reyna at walumpung asawang-  
alipin,

at di-mabilang na mga dalaga –

<sup>9</sup>ngunit bukod-tangi ang aking kalapati,  
ang walang-kapintasan,  
ang nag-iisang anak at paborito ng kanyang ina.  
Tinawag siyang pinagpala ng mga dalaga,  
at pinuri ng mga reyna at mga asawang-alipin.

<sup>10</sup>“Sino itong dumarating tulad ng bukanliwayway,  
marikit tulad ng buwan, maningning tulad ng araw,  
kamangha-manghang tulad ng mga hukbong  
may mga bandilang taglay?”

<sup>11</sup>Pumunta ako sa taniman ng mga pili,

upang tingnan ang mga bulaklak sa lambak,  
kung ang mga ubas ay namumulaklak na,  
kung ang makopa ay namumukadkad na.  
<sup>12</sup>Bago ko namalayan ay dinala ako ng aking pag-  
nanais,  
sa karwahe, kasama ng anak na dalaga ng prinsipe.

### **Mga Iba**

**7** <sup>1</sup>Magbalik ka, magbalik ka, O Sulamita,  
magbalik ka, nang ika'y aming mamasdan.

### **Mahal**

Bakit pagmamasdan ang Sulamita  
na sumasayaw sa gitna ng dalawang hanay?

<sup>2</sup>Kay ganda ng mga paang nakasandalyas,  
O dalagang anak ng prinsipe!

Parang hiyas ang hugis ng iyong mga hita,  
gawa ng magaling na iskultor.

<sup>3</sup>Ang pusod mo'y bilog na mangkok  
na di nauubusan ng tinimplang alak.

Ang puson mo'y bunton ng trigo  
na naliligiran ng mga liryo.

<sup>4</sup>Ang iyong mga dibdib ay dalawang batang usa,  
kambal na gasela.

<sup>5</sup>Ang leeg mo'y garing na tore,  
mga mata mo'y mga batis ng Hesbon  
sa may pintuan ng Bat-Rabbim.

Ang ilong mo'y tore ng Lebanon  
na nakaharap sa Damasco.

<sup>6</sup>Ang ulo mong may putong na korona ay Bundok  
Karmel;

buhok mong alun-alo'y maharlika ng purpura  
hari'y nabibihag sa mga tirintas nito.

<sup>7</sup>Kay ganda mo at kabigha-bighani,  
O sinta ko, dalagang kalugud-lugod!

<sup>8</sup>Ang tindig mo'y parang puno ng palmera,  
at ang iyong mga dibdib ay parang mga kumpol nito.

<sup>9</sup>Sinabi ko: "Aakyatin ko ang puno ng palmera,  
at hahawakan ang mga kumpol na bunga."

O, ang mga dibdib mo sana ay maging mga kumpol  
ng ubas,

at ang iyong hininga ay maging simbango ng  
mansanas,

at ang iyong bibig tulad ng pinakamasarap na alak.

• 10. *Ako ay sa aking mahal, ngunit siya ang umaasa sa akin.* Hangon ito sa mga salita sa Genesis (3:16) ngunit nabaligtad ang sumpang tumama sa babae: hindi na siya ang kinakailangang suma-ilalim sa asawa: ang lalaki ang nangangailangan sa kanya. Kailangan ako ng Diyos at hindi para ipagtrabaho ko siya. Gusto niya akong makasalo sa isang karanasan ng nilikhang buhay at pag-ibig at mararanasan lamang niya ito sa pamamagitan ko.

• 8.1 *Kung kapatid lamang kita.* Isa itong paraan ng pagsasabing: Kung gayon, wala na bang posibilidad na matakasan ko ang mga panlipunang alituntunin at kaugalian na gustong ipatupad ng lipunan sa atin? Nagagawa ba nating makipag-ugnayan sa Diyos sa paraang ang ating damdamin ay malaya sa mga ritwal, mga relihiyosong saloobin, na bagamat kapaki-pakinabang ang lahat ng ito, ay pansamantala at para lamang sa isang partikular na lugar?

• 8. *Ang pag-ibig ay sinlakas ng kamatayan.* Nagtatapos ang tula sa pangako ng walang-hanggang pagsasama ni Yawe at ng kanyang bayan. Makapangyarihan ang pag-ibig ng selosong Diyos at makapangyarihan din ang pag-ibig na inilalagay Niya sa puso ng kanyang mga anak: At sinong aagaw sa atin ng pagmamahal ni Kristo?" (Rom 8:35).

Malinaw na walang pagka-katulad ang pag-ibig na ipinakilala rito at 'yong kinikilala ng ating lipunan. Nakita ng ating lipunan ang pag-ibig ng lalaki at babae, na napalaya ang sarili sa mga pagkulong ng panlipunang-buhay, na unti-unting gumapi sa maling palagay na nakahihigit ang kalalakihan sa kababaihan, na naging natatanging kalagayan para sa pakikipag-ugnayan ng mga tao. Ngunit kasabay naman nito, nakita rin ng ating lipunan ang ibayong takot sa "mawalan ng sariling buhay" sa pagbuklod ng sarili nang lubos sa ibang tao. Maraming nagsisikap pag-isahin ang isang kontradiksiyon: pag-ibig na naghahatid sa lubos na kaligayahan at kaganapan ng sarili, at lihis na disisyon na makipagkasira at makipag-hiwalay sa sandaling makakita ng posibilidad na makatagpo ng anumang "mas okey."

Ang pinahalalagahan dito ng tekstong biblikal ay hindi kaligayahan kundì pag-ibig. Ang Awit ay ang saloobing makilala ang pag-ibig sa anumang presyo, at sinasabi sa atin ng Ebanghelyo ang halaga. Sa ganitong paraan ma-

## Sinta

• <sup>10</sup> Umagos sana ang alak sa aking mahal, dumaloy mula sa aking mga labi.

<sup>11</sup> Ako ay sa aking mahal,

ngunit siya ang umaasa sa akin.

<sup>12</sup> Halika, mahal ko, tayo na sa bukid,

at magpalipas ng gabi sa mga nayon.

<sup>13</sup> Maaga tayong pumunta sa mga ubasan, para makita kung namulaklak na ang mga ubas, kung namukadkad na ang mga bulaklak, at namulaklak na ang mga makopa.

Doon ko ipagkakaloob sa iyo ang aking pag-ibig.

<sup>14</sup> Ang mansanas ng pag-ibig ay humahalimuyak, at nasa ating pinto ang pinakapiling mga bungang-kahoy, mga bago at luma, na itinabi ko para sa iyo, O aking mahal.

## Sinta

**8** • <sup>1</sup> Kung kapatid lamang kita na inaruga ng aking ina sa kanyang dibdib, mahahalikan kita kung tayo'y magkasalubong sa labas

at walang kukutya sa akin.

<sup>2</sup> Sasamahan kita at dadalhin sa bahay ng aking ina, at doo'y tuturuan mo ako.

Bibigyan kita ng tinimplang alak, at ng katas ng aking mga makopa.

<sup>3</sup> Ulo ko'y nakalapat sa kaliwa niyang kamay, nakayapos naman sa akin ang kanan niyang kamay.

## Mahal

<sup>4</sup> Sa ngalan ng kapangyarihan ng sangkalikasan,

O mga dalaga ng Jerusalem,

huwag gisingin o pukawin ang pag-ibig

hanggang sumapit ang kanyang pagnanais.

## Mga Iba

<sup>5</sup> Sino itong dumarating mula sa ilang, na nakahilig sa kanyang mahal?

## Mahal

Ginising kita sa lilim ng puno ng mansanas,

doon ka ipinaglihi ng iyong ina,

doon nagdamdam ang sa iyo'y nagsilang.

Ako nawa ang maging pinakamahalagang hiyas para sa iyo.

papanibago ang kasal: nagpapakasal ang tao para magkasamang tumugon sa isang panawagan, at ang kaligayahan dito sa lupa ay isang libreng regalo ng Diyos sa paraang gusto niyang ibig-iyon.

• 8. Ang mga huling bersikulo ng Awit ng Mga Awit mula 8:8 ay idinagdag na lamang sa tula; may mga pulitikal na pahiwatig ang mga ito.

<sup>6</sup>Laging nasa puso mo, laging nasa iyong bisig; pagkat ang pag-ibig ay sinlakas ng kamatayan, ang pagnibugho nito'y mapiliit tulad ng kapangyarihan ng kamatayan.

Nag-aalab itong tulad ng naglalagablab na apoy, naglalagablab tulad ng malakas na apoy.

<sup>7</sup>Ang pag-ibig ay di masasawata ng anumang baha, ni matatabunan ng mga ilog.

Kung bibilhin ng isang lalaki ang pag-ibig ng lahat ng yaman ng kanyang bahay, pawang pagkutya lamang ang kanyang mabibili.

• <sup>8</sup>Kami ay may maliit na kapatid, at maliit pa ang kanyang mga dibdib. Ano ang gagawin namin para sa aming kapatid sa araw na siya ay ligawan?

<sup>9</sup>Kung siya'y isang muog, magtatayo kami sa kanya ng mga toreng pilak; kung siya'y pintuan, sasarhan namin siya ng mga tablang sedro.

<sup>10</sup>Ako'y isang muog, at ang mga dibdib ko'y mga tore, kaya sa kanyang mga mata, ako'y tulad ng nagdadala ng kapayapaan.

<sup>11</sup>May ubasan si Solomon sa Baal-hamon, na ipinaalaga niya sa mga katiwala; bawat isa'y magbabayad ng isang libong pirasong pilak na kapalit ng mga bunga.

<sup>12</sup>Ngunit akin ang aking ubasan, at ako ang bahala rito; sa iyo na ang libong pilak, O Solomon, at ang dalawang daan sa mga tagapag-alaga ng bunga.

#### **Mahal**

<sup>13</sup>O ikaw na nananahan sa mga hardin, nakikinig sa iyong tinig ang iyong mga kasama, iparinig din sa akin ang iyong tinig.

#### **Sinta**

<sup>14</sup>Magmadali ka, aking mahal, at tumulad sa gasela o batang lalaking usa sa bundok ng mababangong puno.